# MGA PANGYAYARING NAGANAP SA MAKTAN MULA NG 1521 HANGGANG 1900

Heidi K. Gloria

## Metodolohiya

### A. *Ang Suliranin*

Ang araling ito ay isang pagtuklas sa mga pangyayaring naganap sa Maktan mula sa pagdating ni Ferdinand Magellan noong 1521 hanggang sa pagdating ng mga Amerikano noong 1900.

### B. *Layunin ng Pagaaral*

Ang layunin ng pagaaral na ito ay ang pagbabagong tatag ng kasaysayan ng Maktan. Ang kahulugan ng isang kasaysayan ay sangayon sa pananaw ng ginagamit dito. Panahon na upang ang kasaysayan ng Maktan ay magkaroon ng isang kahulugang maka-Pilipino.

### C. *Ang sinasaklaw ng Aralin*

Ang sinasaklaw ng araling ito ay ang mga pangyayaring naganap sa mga bayan ng Cordova at lungad ng Lapulapu na bumubuo sa makabagong Maktan sa larangan ng lipunan, pangkabuhayan, relihiyon at kultura mula sa pagdating ni Magellan sa pulong ito hanggang sa pagdating ng mga Amerikano.

### D. *Mga Katanungan at Hinuha*

1. Anu-anong papel ang ginampanan ng politika, ekonomiya, relihiyon, kultura atbp. sa kasaysayan ng mga Maktan?
2. Anong papel ang ginampanan ng kalooban at pagpapasiya ng tao sa mga pangyayari ng nagaganap sa kanilang kasaysayan?
3. Anu-ano ang mga epekto ng kristiyanisasyon at pamamahala ng mga kastila sa pagkabuhay ng mga tao?

### E. *Paraan ng Pananaliksik*

1. Pananaliksik sa mga aklatan at artsibo.
2. Pakikipagpanayam sa matatandang mamamayan ng Maktan.
3. Pagaaral ng tradisyon ng mga tao sa pamamagitan ng

Mindanao Journal, VI, 2-4 (Oct. 1979 – June 1980), 152-158.

pagaaral ng mga alamat at kwento ng Maktan.

4. Pagaaral ng arkeolohiya ng Maktan sapagkat ang arkeolohiya ay mga "labing alabok ng nakaraan."

## Sinopsis ng Kasaysayan ng Maktan

Sa kasalukuyan ang Maktan ay binubuo ng lungsod ng Lapulapu at mga bayan ng Cordova at Sta. Rosa. Ang pulo ng Maktan ay sinasabing hugis kawali–ang dakong hilaga ay makitid at mahaba at ang kalaparan ng isla ay nasa dakong timog nito. Ang dalampasigan ng Maktan ay nababalot ng mga latian na nagbibigay ng isang mapanglaw na anyo sa pulo. Sa kabilang dako ang mga latiang ito ay pinagkakakitaan ng pagkabuhay ng mga taga-isla sapagkat dito ay matatagpuan ang sari-saring kabibe at mga kahoy gaya ng bakawan, pagatpat at ang nipa na nagagamit sa pagtatayo ng bahay.

Ang karaniwang hanapbuhay ng mga mamayan ng Maktan ay ang pangingisda at *cottage industries.* Ang pagsasaka ay hindi maasahan sa dahilang ang lupa sa Maktan ay mabato at hindi maaring tamnan.

## Ang Etimolohiya ng Salitang Maktan

Ang unang pagkakasulat ng salitang Maktan ay "Matan" ayon sa pagkabaybay ni Antonio Pigafetta, ang mananalaysay ng ekspedisyon ni Magellan. Ang isa pa ay "Mauthan" ayon naman sa pagkakabaybay ni Maximillanus Translvanus na siyang unang nakapaglathala ng salaysayin ng ekspedisyon ni Magellan. At ang mga sumusunod pang mga baybay dito nang unang limampung taon ng mga kastila ay Mattam, Mathan, at Matha.

Nang siglo-17 na ang mga manunulat na sina P. Juan de Medina, O.S.A., at Francisco Ignacio Alcina, S.J. ay magkapareho ang baybay sa salitang Magtang. Sa mga tala ng mga paring Agustino sa Maktan noong siglo-18 ay Magtang din ang pagkaksulat ng salitang ito ay magpahanggang ngayon ang mga matatanda sa pulo ay binibigkas ito ng "Magtang."

## Mga Alamat ng Maktan

May isang matandang alamat sa Maktan na nagsasabing ang pangalang Magtang o Maktan ay nanggaling sa pangalang Matang Mantaunas

na ayon sa kwento ay siyang ina ni Lapulapu. Si Matang Mantaunas ay sinasabing asawa ni Mangal, ang pinakamakapangyarihang hari sa buong Maktan noong unang panahon. Ipinahahayag ng alamat na ito na si Mangal ay siyang unang tao sa buong pulo at ang kanyang kaharian ay ang dakong hilaga ng isla na pinangalanang Punta Engaño ng mga kastila. Dito sa puntang ito matatagpuan ang naglalakihang bato na ayon sa paniniwala ng mga matatanda sa Maktan ay mga taong naging bato sa kasaysayan ng pulo. Ang mga batong ito ay kinabibilangan ni Mangal na siyang unang hari sa Maktan.

Ang pagiging bato ni Mangal ay may isang matandang kwento. Si Mangal ay makapangyarihan sapagkat siya ay may isang anting-anting na isang dwende. Ang dwendeng ito ay hiniram ng isang kaibigang taga-ibang pulo na ang pangalan ay Kapitan Silyo. Si Silyo ay naging gahaman at pagkatapos ng matagal na panahon ay inangkin niya ang dwende at ganoon na lamang ang galit ni Mangal. Sa matinding galit nito ay isinumpa niya ang dating kaibigan na maging bato at sa kinaroroonan ni Silyo ang taksil na kaibigang ito ay naging bato nga ngunit bato natuluyang naging bato ay gumanti kay Mangal sa pamamagitan ng anting-anting na hiniram niya. Si Mangal ay kanya ring isinumpang maging bato kaya ang dalawang dating magkaibigan ay parehong naging bato.

Ang karugtong ng kwentong ito ay tungkol na sa pagdating ng mga kastila sa Maktan at ang pakikipaglaban ng mga taga-pulo sa pamumuno ni Lapu-lapu laban kina Magellan. Nang sumalakay ang mga kastila sa Maktan si Lapulapu ay tinulungan ni Mangal. Si Lapulapu ay kanyang binigyan ng kapangyarihan sa pamamagitan ng isang makapangyarihang halo na siyang ginamit ni Lapulapu sa pagpatay kay Magellan. Ang halong ito ay lumilipad at lumalagos sa mga punong niyog at sa tulong nito ay tinalo ng mga taga-pulo ang mga dayuhan.

### Ang Alamat Bilang Isang Kasaysayan

Bagamat ang alamat ay hindi isang tunay na kasaysayan sapagkat ito'y walang pinagbabatang dokumento na maaring suriin ng isang mananaliksik, ang alamat ay isang mahalagang mapagkukunan ng kasaysayan sapagkat ang nilalaman nito ay karaniwang nababatay sa isang tunay na pangyayari. Bukod dito ang alamat ay naglalarawan di ng mga elemento ng isang kalinangan na maaring mapagtuntunan ng pinanggalingan ng kultura ng isang nasyon.

Halimbawa, sa alamat ng Maktan ang isa sa mga pangunahing *motif*

na ginagamit dito ay ang paniniwala sa mga taong nagiging bato. Ito ay isang matandang paniniwala na karaniwang matatagpuan sa mga kwento ng mga lugar na kamukha ng Maktan. Maraming kapareho ang alamat ni Mangal sa iba't-ibang panig ng kapuluan. Sa Lanao del Sur ay may dalawang matandang alamat ni Mangal sapagkat ang pangunahing tema ay mga taong nagiging bato at hindi namamatay. Ito ay ang alamat ni Bantugan at Indra Batara sa Malabang, Lanao del Sur.

Ang ikalawang *motif* na makatawag pansin sa alamat ni Mangal ay ang paggamit ng halo bilang isang sandata. Ito ay may isang katangitanging kahulugan sapagkat ang halo ay isang mahalagang kasangkapan sa mga taong ang pinagkukunan ng pagkabuhay ay pagtatanim at pagaani ng palay.

Ang dalawang pangunahing *motif* na nabanggit ay nagbibigay kaugnayan sa Maktan at sa kultura ng Malayo-Polyneisan na siyang pinanggalingan ng kulturang Pilipino.

## Ang Maktan Nang Pagdating ni Magellan

Ang kasaysayan ng Maktan ay inumpisahang isinulat nang pagdating ng mga Kastila. Ang pagkapatay ni Lapulapu kay Magellan ang siyang nagpakilala sa pangalang Maktan sa kabilang ibayo ng daigdig. Masasabing ang kasaysayan ng Pilipinas nang panahon ng kastila ay nagsimula sa Maktan.

Ang pagkakalarawan ng mga kastila sa Maktan ng panahong ito ay nagpapahiwatig na ang Maktan at Cebu ay bahagi ng isang kalinangang Malay ng mga siglo 14-17. Ang mga pamayananang natagpuan ng mga kastila sa Cebu at Maktan ay walang pinag-iba sa mga pamayanang karaniwan ng matatagpuan sa kapuluang Malay magmula sa Malay Peninsula, Sumatra, Java, Borneo at ang kabuoan ng timog ng Pilipinas. Ang mga pamayanang ito ay pawang matatagpuan sa mga dalampasigan at baybayin at mga hanapbuhay na karaniwang nagtataguyod sa mga mamamayan nito ay iyong inihahandog ng kanilang kapaligiran.

Ang Maktan ng panahong ito ay may kilalang tatlong pinuno; si Zula, Bulaia at si Lapulapu na ayon sa ulat ni A. Pigafetta ay siyang pinuno ng pinakamalaking pamayanan sa isla.

Nang maitaguyod na ni M. Legazpi ang unang pamayanang kastila sa Cebu ang isa sa kanyang pinakamabigat na suliranan ay ang Maktan. Hindi kaila kay Legazpi na ang mga kastila ay pinagbabanyaan ng mga

taga-Maktan. Nakiusap si Legazpi sa mga Cebuanong ayusin ang alitan ng mga taga-isla at ng mga kastila. Ngunit sa kabila ng ipinangako ng mga taga-Cebu ay walang nangyari.

Isang araw, sa hindi malamang dahilan ay nasunod ang mga bahay ng mga kastila sa Cebu at ang pinagbintangang may kagagawan nito ay ang mga taga-Maktan. Upang makaganti, sumalakay ang mga kastila sa pangunguna ni Marti de Goiti sa Maktan at ng wala silang inabutang mga tao dito ay kanilang sinunog ang mga bahay ng mga taga-pulo. Sa ganitong pangyayari ay lalong sumidhi ang galit ng huli sa mga kastila at di naglaon ang mga taga-Maktan at sampu ng mga Cebuano ay samasamang lumisan at nangibang pulo. Ang karamihan sa mga ito ay nangaglipat sa Baybay, Leyte.

Dito na nagsimula ang unti-unting pagkawala ng mga katutubong mga taga-Maktan at Cebu. Ayon sa ulat ni Miguel de Loarca noong 1584, ang mga taong naninirahan sa Maktan ay hindi lalampas sa 300 tao at pagkaraan ng 46 na taon ayon naman sa ulat ni P. Juan de Medina, O.S.A. ay limampung tao na lamang ang nalalabing naninirahan sa pulo. Anong laking pagkakaiba sa Maktan na narating nina Magellan nang sangayon kay Pigafetta ang bilang ng mga mandirigma sa Lapulapu ay 1,500 at sa bilang na ito ay hindi pa kasama ang mga babae, matatanda at bata.

## Opon, Ang Unang Pueblo Sa Maktan

Ang kaunaunahang bayan ng itinayo ng mga Kastila sa Maktan ay ang Opon. Ito ay naganap noong 1730 nang magtatag na ng isang parokiya ang mga paring Agustino sa pulo. Ang pangalang Opon ay nangangahulugang talahib, ang damong ito ay laganap sa buong pulo. Ang bayan ng Opon ay pangpito sa pinakamatatandang bayan na nilikha ng mga Kastila sa buong Cebu.

Ang kasaysayan ng Opon noong panahon ng mga Kastila ay nagkaroon ng bagong kwento. Ang bayan at parokiya ng Opon ay sinasabing nagsimula sa pagkakadala dito ng debosyon sa *Virgen de la Regla* ni F. Francisco Aballe, ang unang *cura parroco* sa Opon. Ayon sa mga tala ng mga paring Agustino sa Opon noong 1736, dalawang *principales* ng Opon at Cebu ang pinagmilagrohan ng *Virgen de la Regla.* Ito ay sila Cruz Lauron at Eusebio de la Cruz. Ang dalawang ito ay kapwa iniligtas ng Birhen sa bingit ng kamatayan. Magmula noon ang kapangyarihan ng

V.D.R. ay kumalat sa Maktan, Cebu at iba pang karatig pulo.

Bagamat hindi mapatutunayan ang mga himalang ito, sa pamamagitan ng nasabing debosyon ay naging tanyag ang simbahan ng Opon at ang Maktan ay nagkaroon ng panibagong importansiya. Ang simbahan sa Opon ay dinadayo ng mga taga ibang lugar at mangyari pang pagdami ng mga taong nagsisimba sa Opon ay lumago ang mga limos at kita ng kumbento. Hindi naglaon muling lumaki ang pamayanan sa Opon. Ayon sa ulat ni Gov. Fernando Tamon nang 1760 ang Opon ay pinagkakakitaan ng 2,535 tributos ng panahong ito.

Mula 1730 hanggang sa kalagitnaan ng siglo-19 ang *pueblo-parroquia* sa Opon ay nagsilbing *centro* o *cabezeria* ng mga sityo ng Banilad, Talamban at Liloan. Noon 1863, ang pangalawang pueblo sa Maktan ay nilikha ng pamahalaang-kastila. Ito ay ang Cordova na matatagpuan sa dakong timog ng isla. Ang bagong bayan ng Cordova ay ang dating Day-as–isa sa mga matatandang nayon ng Opon.

Ang Cordova ay may isang ipinagmamalaking bayani ng rebolusyon. Siya ay si Juan Nunez na *Directorcillo* ng Cordova nang panahon ng himagsikan. Ang ama at lolo ni J.N. ay mga *cabezas de barangay* at ang kanyang lolo sa tuhod na si Mariano Nunez ay isa sa mga kaunaunahang *cabezas* ng Opon noong 1788. Ang angkan ng mga Nunez ay masasabing kabilang sa mga pinakamatatandang angkan sa Maktan.

**Ang Kasaysayang Pangkabuhayan Ng Maktan**

Kagaya ng karanasan ng maraming bayan sa Pilipinas nang panahon ng kastila, ang pagdala sa Maktan ng *encomienda system* ay labis na nakasama sa pangkabuhayan ng pulo. Ang *encomienda system* ay nangangailangan ng isang pamayanang panatilian at ito ay salungat sa kinagisnan ng mga katutubong pamayanan sa Maktan.

Nang maitatag na ang pueblo ng Opon, ang mga taga-Maktan ay dahan-dahan na ring nasanay sa paninirahan sa isang lugar at sa uri ng hanapbuhay na gusto ng mga kastila–ang pagsasaka ng lupa. Ngunit ang pagsasaka ng lupa kailanman ay hindi nakapagpaunlad sa Maktan ito ay isang coral na pulo at ang lupa nito ay binubuo ng buhangin at mga batong coral.

Kaya magpahanggang sa huling dantaon nga mga kastila sa Maktan, ang mga hanapbuhay ng mga tao ay nanatiling mga hanapbuhay sa kanilang kinagisnan gaya ng paggawa ng tuba, pangunguha ng mga kakaning dagat at pangingisda. Hindi katatakang ang Maktan ay hindi nagkaroon ng mga *hacienda* ng palay o mais. Walang mga pamilyang yumaman sa

Maktan o kaya ay naging hacendero at sa katunayan kahit ang mga matatandang *principalia* dito ay mga magtutuba, mangingisda o mamamangka. Marahil ito narin ang dahila kung bakit ang mga *principalia* ng Maktan ay siyang namuno sa himagsikan dito nang 1896.

## Ang Panahon ng Himagsikan sa Maktan

Ang himagsikan sa lalawigan ng Cebu ay pinamunuan ni Luis Flores na siyang nagpahintulot sa pagsiklab ng himagsikan sa Cebu noong 3 de Abril. Pagdating ng buwan ng Disyembre, ang pamahalaang kastila ay nilipat sa Zamboanga at ang pamamahala sa Cebu ay ipinagkatiwala sa isang pangkat ng mga maka-kastilang Cebuano.

Sa Maktan ang rebolusyon ay nagkaroon ng madugong esena. Ang unang dugong ibinuwis ng mga kastila sa Maktan ay ang kay P. Jose Baztan, ang pari sa Cordova. Si P. Baztan ay labis na nagmalupit sa mga taong-bayan ng Cordova, lalong-lalo na nang tinatapos nito ang pagawa ng simbahan ng Cordova. Ang mga polistas na hindi makapagdala ng kanilang *quota* ng mga bato ay ipinalalatigo sa plaza bilang parusa.

Ang isa pang naging biktima ng rebolusyon ay si Juan Nunez, ang bayani ng Cordova. Si Nunez ay naparatangang nag-iimprenta ng mga huwad na *cedula* upang ipagbili ito sa mga taong bayan ng Cebu at Maktan. Ang pabebenta ng mga huwad na cedulang ito ay isa sa mga pinagkukuhaan ng pondo ng mga rebolusyonaryo sa Cebu at Maktan. Isang araw, nakahuli ang mga kastila ng mga 200 tao sa Maktan na nagmamay-ari ng mga cedulang ito at ang napagbintangan ay si Juan Nunez. Bilang isang *Directorcillo* at taga-ingat ng mga tala sa *casa municipal* si Nunez ay pinagbintangang may sapat na kaalaman sa mga bagay na ito. Binantaan ang mga taong sila ay papatayin kung walang maipaliwanag si Nunez tungkol sa mga cedula. Sa ganitong gipit na kalagayan ay walang nagawa si Nunez kungdi ang aminin ang ibinibintang sa kanya at siya ay binaril sa plaza ng Cordova.